**Para sa mga Banyaga o Dayuhan na hindi marunong ng Wikang Hapon**

# G U I D E B O O K

# Para Sa Mag-aaral Na Papasok ng Senior High School[2027】

## TALAAN NG MGA NILALAMAN

A. GABAY SA PAGPASOK SA SENIOR HIGH SCHOOL SA PREPEKTURA NG MIE
Mie Prefectural Education Board Edition

◇PAGLALARAWAN NG SENIOR HIGH SCHOOL

1. Pagpili ng Angkop na Kurso 1
2. Outline Ng Public Senior High School sa Mie 2
3. Tuition Fees, Benepisyo at Scholarship Para sa Public Senior High School 7

◇PATAKARAN O EVALUATION PROCEDURE SA PAGPILI NG MGA ENROLLEE SA SENIOR HIGH SCHOOL PARA SA SCHOOL YEAR 2027 10

◇SCHEDULE PARA SA PAGPILI / SELECTION NG MGA ENROLLEES (S.Y.2027) 13

B. Q&A ( Tanong at Sagot ) Mie International Exchange Foundation Edition

1. Ano ang sistema ng edukasyon sa paaralan ng Hapon? 14
2. Ano ang kabutihang dulot kapag nakapagtapos ng Senior High School? 14
3. Kahit sino ba ay maaring pumasok sa Senior High School? 14
4. Anong uri o klase ng Senior High School ang mayroon? 14
5. Anong klaseng uniporme ang ginagamit? 15
6. Magkano ang bayad sa paaralan ? 16
7. Ano ang scholarship? 16
8. Ano ang pagkakaiba ng Junior High School at Senior High School? 18
9. Anu-ano ang kailangang gawin para makapasok sa Senior High School? 18
10. Sa Senior High School, ano ang ginagawa sa paaralan bukod sa pag-aaral? 18

Mie International Exchange Foundation

# A. Gabay Sa Pagpasok Sa Senior High School sa Prepektura ng Mie

**Mie Prefecture Board of Education Edition**

## ◇Paglalarawan ng Senior High School

---


## 1. PAGPILI NG ANGKOP NA KURSO

---

**(1) Pauna**

Ang ibat-ibang klase ng kursong maaring pagpilian pagka-graduate ng Junior High School (see diagram below).tignan ang diagram sa ibaba.

Gawin nating makabuluhan ang ating buhay at ipakita ang atin talino at kakayahan anumang landas ang gustong tahakin.




**(2) Kapag nakapasa ng Senior High School**

Sa Senior High School maliban sa mga kurikulum at kursong pag-aaralan, mayroon din homeroom activity, student council, mga event ng paaralan at extra curricular activities, para maging kaaya-aya at maging marangal na mag-aaral at magkaroon ng mga pangunahing kaalaman sa pag-aaral.

Sa Senior High School may kursong pang araw, pang gabi, o sa pamamagitan ng koreo. Ang mga kurso ay hinati ayon sa mga sumusunod: ang general subject, special subject at comprehensive subject.

Bukod dito, depende sa year level ng mag-aaral, dahil may paaralang binibigyan ng dibisyon ang bawat pinag-aaralan at may paaralan ding-di-nagbibigay ng dibisyon.

**(3) Mga dapat tandaan sa pagpilin ng paaralan at kurso**

1. Alamin ang iyong kakayahan, katayuan, hilig, interes at isiping mabuti ang posibilidad ng iyong kakayahan.
2. Isiping mabuti ang kung ano ang iyong kinabukasan, kung anong trabaho ang gusto mong gawin at kung nababagay ito para sa iyo.
3. Isiping mabuti ang kursong gusto pag-aralan.
4. Alamin ang kabuuan ng gusto mong kurso at paaralan, saliksihin ang mga nilalaman nito.

---

## 2. OUTLINE NG PUBLIC SENIOR HIGH SCHOOL SA MIE

---

**(1) Ang estado ng mga institusyon sa Senior High School (School-year 2027)**

Sa Abril 2027, may 55 na Senior High School sa prepektura. Sa Senior High School ang porma ng (oras ng pag-aaral, paraan ng pag-aaral etc.) ay iba-iba: may full time o arawan, part time o panggabi at sa pamamagitan ng koreo.

| Kurikulum | School General Course | Itinalagang paaralan para sa pag-aaral na may kinalaman sa trabaho | | | | | | | | | Mga Paaralan Para sa Komprehensibong Kurso |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Farmer | Technical | Commerce | Fisheries | Home Economics | Nursing | News Information | Welfare | Iba pang uri ng Kurso | |
| Pang-araw | 30 | 5 | 8 | 7 | 1 | 6 | 1 | 1 | 3 | 8 | 7 |
| Panggabi | 9 | | 2 | 1 | | | | | | | 1 |
| Correspondence | 2 | | | | | | | | | | |

(Each number represents the number of schools)

● **Full Time Course (Zen nichi sei)**

Ang oras ng pag-pasok sa paaralan ay katulad ng oras ng pasok ng Junior High School. Sa loob ng isang linggo ay mayroong 30 unit (50 minuto/unit) na pag-aral at sa 1 taon, pangkaraniwan na ang 35 linggong pasok sa paaralan.

**● Part time O Panggabi (Teiji sei)**

Hindi lang pang araw na klase mayroon ding klaseng panggabi para sa mga estudyante na may iba't ibang dahilan na hindi makakapasok sa pang araw. Karamihan sa mga nakarehistrong mag-aaral ay iyong mga nag-aaral habang nagtatrabaho, may karanasan ng pagliban sa eskwela, mag-aaral na lumipat mula full time course at mga dayuhang mag-aaral na nangangailangan ng pagsubaybay sa pag-aaral ng salitang Hapon,lugar para sa mas komportableng pag-aaral.

Ang karamihan ay nasa general course na pag-aaral. Sa larangan ng kursong may kinalaman sa trabaho, ang Yokkaichi Kogyo Senior High School (Technical Industry, Mechanical at System Engineering), Hokusei Senior High School (Bussiness information), Ise Manabi Senior High School (Creative engineering).

At sa kauna unahang pagkakataon ang Mie Yumegakuen Senior High School ang unang pampublikong paaralan na nagbibigay ng kurso sa tanghali ayon sa itinakdang oras sa bawat kurso na gustong pag aralan. Ang Hokusei Senior High School at Ise Manabi Senior High School naman ay nagtuturo sa umaga o gabi lang depende kung anong oras ang kayang mag aral.


**● Correspondence Learning(by mail ) (Tsushin shidou)**

Ito ay para sa mga hindi kayang magpunta sa paaralan araw araw at nais magpatuloy ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagtuturo sa pagsangguni sa liham. Sa ngayon ang Hokusei Senior High School at Matsusaka Senior High School ang nagtuturo sa ganitong pamamaraan.May plano na magkaroon ng Correspondence Learning.

Ang paraan ng pagaaral: kailangan magpunta ng (2) dalawang beses sa (1) isang buwan para sa interview at para kunin ang mga kailangang librong gagamiting gabay sa pag-aaral, paggawa ng report na ipapadala sa paaralan sa pamamagitan ng koreo o by mail.

**(2) Mga Kurso sa prepektura**

◎ Uri ng Kurso




◎Nilalaman ng kurso

| | |
|---|---|
| General Course | Ito ang pundasyon ng Junior H.S.matututunan din dito ang mga aralin at impormasyong sa pang malawakang edukasyon. |
| Inter-disciplinary related Course | Nakatuon ang pag-aaral sa mga kasalukuyang issues at iba’t ibang larangan ng akademiya,sikaping makapagbigay ng kaakit akit na pagkatuto,sa makabagong katangian na angkop sa ibat ibang akademiya at makabagong pag-aaral. |
| Farming Course (Agriculture) | Pag-aaralan ang pamamalakad at madaling pamamaraan sa forestry,environment,,industriyang may kinalaman sa foods o pagkain, pagpili ng karelasyong industriya, pagsubok sa pamamalakad para malaman ang iyong kakayahan. |
| Technical Course | Layuning pag-ibayuhin ang pag-aaral sa pang-industriyang teknolohiya,magamit ang kaalamang pang teknolohiya, at maging bihasa sa larangan nang FA system, CAD/CAM system, Computer etc. upang magkaroon ng teknolohikal na kaalaman at maging aktibo. |
| Business Course o Commerce | Pag-aaral ng pangunahing kaalaman sa komersiyo o business, katulad ng marketing, information technology, kaalaman pang-pinansiyal at teknolohiya, patatagin ang pang-unawa sa pagnenegosyo, at sanayin sa practical skills na may kinalaman dito. |
| Fisheries Course | Layung pag-ibayuhin ang pag-aaral sa industriya ng pangingisda at maging bihasa sa larangang may kinalaman sa ganitong industriya katulad ng pangingisda, at maging aktibo sa larangan ng pangingisda. Madaling pamamaraan ng pagkumpuni ng makina ng barko. Ituturo din ang kaalaman at skill pag sisid sa dagat at iba pang marine sports. |
| Home Economics Course | Pag aaralan ang kakayahan at madaling pamamaraan para magkaroon ng kaaya-aya at magandang ugali ang isang pamilya,at maging aktibo sa larangan nito. pakikipag relasyon, sa ilang industriya tulad ng pagkain, balat ng katawan, pagaalaga ng bata. Pagaaralan din ang pagtulong sa mga taong di makapamuhay ng sarili. |
| Nursing Course | Ang nurse ay kakambal na ng ospital kung kaya't pag-aaralan ang madaling pamamaraan ng pakikibagay sa mga kasamahan at gawain sa ospital at maging aktibo sa larangang ito. |
| Information Course | Pagaaralan ang pagtulong sa pagsaliksik sa inpormasyon, network system ng konstraksiyon at pagkukumpuni nito, at pagbuo ng ibat-ibang kaalaman sa madaling pamamaraan. |

| | |
|---|---|
| Welfare Course | Pag aaralan ang pagtulong at pag-aalaga sa mga matatanda at mga taong may kapansanan. Bibigyan ng pansin ang kaalaman at madaling pamamaraan sa pag aalaga sa mga pasyente na di na makapamuhay mag-isa dahil sa kapansanan o katandaan. |
| Science & Math Course | Pagaaralan upang pagyamanin ang kakayahan sa larangan ng (Science) siyensiya at Math, pagsasaliksik para lumawak ang abilidad. |
| Physical Education Course | Physical education, pagtuturo sa mga mag-aaral na may hilig o interes sa larangan ng sports, palalimim ang kaalaman at pagyayamanin kung ano ang angking galing sa larangan ng sports. |
| English Course | Mapag aaralan ang espesyalidad sa English language katulad ng espesyalidad sa (Hearing,Reading, Writing at Listening) |
| International Course | Kurso para sa Language Learning upang pagyamanin ang pag-aaral ng banyagang salita at ICT(Int'l.Communication Tech.) para sa mga nagnanais mag aral sa ibang bansa ng long term at short term period. Para din ito sa mga naglalayong magpatuloy ng pag-aaral sa unibersidad o junior college. |
| Art Design Course | Basic art design.  Pag-aaral ng design at computer. Bibigyan ng pansin ang tungkol sa design, computer graphic at iba pa. |
| Comprehensive Course | Pagpili ng gustong kurso kung saan may sapat na kakayahan at galing sa kursong ito. Maaring pag-aralan sa kursong ito ang ibat-ibang pamamaraan tungkol sa napiling kurso at maaring magdesisyon kung nais itong ipagpatuloy sa hinaharap. |

Ang general course, special course, comprehensive course ay may ibat-ibang kurikulum at kurso. Nakalarawan sa ibabang diagram ang kursong ito




(Research Course)

Paghahanda ng tema para sa research.Layunin ng kursong ito na ihanda at sanayin ang mga mag aaral sa mga pagbabago sa mga natatanging kaalaman at para ma resolba ang mga sagot sa problem solving at ma develop ang abilidad at imahinasyon at tuloy tuloy na kahiligan sa pagkatuto o spontaneous and imaginative learning attitude.

◎ Simula sa School Year 2022 ay hinihiling ang paggamit ng tablet o ipad sa pag-aaral,para sa mga mag eenroll sa mga Prefectural Senior High School para sa pag unlad ng bawat isa,sa pamamagitan nito ay malalaman ang katangian at achievements ng bawat mag aral (pinakamamabuting paraan para sa indibidwal na pag-aaral) pagbuo at pagbibigayan ng iba't ibang opinyon at (cooperative learning)para sa epektibong pagsulong..Para rin sa pamilya ay madaling maipapahatid ang mga impormasyon sa pag-aaral ng mga anak at ang pagsasagawa ng online transmission sa mga video ng klase at iba pang aktibidades sa paaralan.

---

## 3. TUITION FEES,BENEPISYO AT SCHOLARSHIP PARA SA PUBLIC SENIOR HIGH SCHOOL

---

**3. Mga bayarin, benepisyo at scholarship ng Senior High School**

**(1) Ang bayarin ng senior high school (Bagong mag-aaral ng taong 2026)**

**① Outline ng pagbabayad ng tuition fee o matrikula**

Simula pagpasok ng taong 2014 ng Abril, bilang patakaran,ang mga pangunahing bayarin sa tuition fee sa mga paaralan ng Senior High School at iba pa sa Mieken ay kailangang bayaran Gayunpaman, ang mag-aaral na tumatanggap ng benepisyo o suporta para sa pag-aaral sa senior high school o temporary support fund o bagong support fund sa Senior High School para sa H.S students ay hindi na kailangang magbayad ng tuition fee. Kung nais na makatanggap ng nasabing benepisyo o temporary support fund o bagong support fund sa Senior High School para sa H.S.students kinakailangan ang aplikasyon at makasunod sa mga kinakailangan kondisyon. Bukod dito, ang benepisyo o temporary support fund o bagong support fund sa Senior High School para sa H.S students ay hindi na kailangan pang ibalik.

Para sa mga mag-aaral na huminto at nais na muling ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral, ay hindi na maaring makatanggap ng suportang tulong o temporary support fund o bagong support fund sa Senior High School para sa H.S.students,pero dahil sa kagipitan sa pamumuhay at hirap makabayad sa tuition fee at ito ay napatunayan ay maaari pa silang tumanggap ng ibang suporta.

Note:Para makatanggap ng bagong support fund o benepisyo sa pag aaral sa Senior High School ay kailangan ang residential status at nasyonalidad.

**② Halaga ng Tuition Fee**

| | Full time | Part-time | Correspondence Course | Vocational Course |
|---|---|---|---|---|
| Tuition fee | Annual amount \118,800 | Annual amount \32,400 | Amount/ 1 unit \324 | Annual amont \118,800 |
| Entrance selection charges | \2,200 | \950 | | \2,200 |
| Entrance fee | \5,650 | \2,100 | | \5,650 |

※Ang entrance selection charges at entrance fee ang mga halagang kailangang bayaran para makakuha ng eksaminasyon.

※Ibang halaga ang nakalaan para sa mga alumni, hindi sertipikadong nakapagtapos o kumukuha lamang ng lecture.

**(2) Scholars Benefit Fund para sa mag-aaral ng high school (Simula sa taong2026)**

Ang sistemang ito ay tulong para sa pagbabayad ng mga iba pang gastusin sa pag-aaral bukod sa tuition fee ng mga estudyante pumapasok sa high school. Ipinagkakaloob sa pamilyang may low at medium income na may anak na nag aaral sa Senior High school.

Ang sistema ng pagbibigay ng allowance ng mga estudyanteng pumapasok ng high school ay binabase kung ang (pamilya ay tumatanggap ng proteksiyong pang kabuhayan)o (pamilyang tumatanggap ng suportang pang kabuhayan) at sa halaga ng tax na binabayaran nila sa Prefectural

at city tax o resident tax total  na ¥182,500 below, na house hold o pamilya ,pagbabasihan ang aplikasyon sa sitwasyon ng pamilya,at bilang ng miyembro ng pamilya ang pagtanggap sa suporta.

**◎ Suportang halaga（Annual amount）**

Idinagdag na patakaran

| Estado ng Pamilya | | | | Publiko | Pribado |
|---|---|---|---|---|---|
| Pamilyang may suportang pangkabuhayan(Full-time /Part-time/Correspondence Course) | | | | \32,300 | \52,600 |
| Pamilyang tax exempted sa residence tax amount Bukod sa pamilyang may suportang pinansyal.sa pangkabuhayan | Full-time /Part-time Course | May dependent na kapatid na edad 15 hanggang 23 taon o may kapatid na senior high school | Wala | \143,700 | \152,000 |
| | | | Mayroon | \143,700 | \152,000 |
| | Correspondence Course | | | \50,500 | \52,100 |
| | Advanced Course | | | \50,500 | \52,100 |
| Ang total ng residence tax at income percentage amount ay ¥105,500 ng isang pamilya. | Full time course/Part time Course | | | ¥47,900 | ¥50,670 |
| | Correspondence Course | | | ¥16,830 | ¥17,370 |
| Ang total ng residence tax at income percentage amount ay mas mataas sa ¥105,500 o mababa sa ¥182,500 ng isang pamilya. | Full time course/Part time Course | | | ¥35,930 | ¥38,000 |
| | Correspondence Course | | | ¥12,630 | ¥13,030 |

Note:Para sa mga dayuhang mag aaral (overseas student etc.) maaring hindi maging karapatdapat o eligible kung hindi inaasahang mananatili o maninirahan dito sa Japan para sa idinagdag na bagong patakaran.

Note:Magtanong sa kanya kanyang paaralan tungkol sa major subject.

**(3) Ang sistema ng student loan o shogakukin (Simula sa taong 2026)**

Sa Mie Prefectural Board of Education, may sistema ng pagpapahiram ng perang kinakailangan para sa pag-aaral sa High School.

**● Mie-ken Koutou Gakkotou Shugaku Syogakukin**
**（Scholarship o loan sa Senior High School）**

Ang kagawaran ng edukasyon sa Mie ay nagpapahiram ng pera na walang interes o tubo para sa mga mag-aaral na may pagnanais na magpatuloy ng pag-aaral sa high school subalit dahil sa kahirapan sa pinansyal ay kapos sa pambayad.

○ IBA’T IBANG URI NG SCHOLARSHIP AT HALAGA NA MAARING HIRAMIN (LOAN)

◎ Buwanang bayarin o tuition fees ( Ang pagbabayad ay sa pamamagitan ng Automatic Account Transfer)

| | |
|---|---|
| PUBLIKO | \8,000 , \13,000 , \18,000 o \23,000 |
| PRIBADO | \20,000 , \25,000 , \30,000 o \35,000 |

(Pumili ng isa mula sa nasa itaas)

◎ Halaga ng pondo para sa Entrance Fee‥‥‥..Sa araw ng Enrollment

| | | |
|---|---|---|
| PUBLIKO | ENTRANCE FEE | \40,000 o \80,000 |
| PRIBADO | ENTRANCE FEE | \50,000 o \100,000 |

(Pumili ng isa mula sa nasa itaas)

〇PAGBAYAD SA HINIRAM NA PERA O LOAN:

・Ang hiniram na pera o loan para sa pag-aaral ay walang interes o tubo. Subalit kung ang halaga ay hindi naibalik sa itinakdang araw ng pagbabayad, ito maaring magkaroon ng interes.

・Bilang patakaran ay kinakailangan bayaran ang loan anim na buwan matapos makagraduate sa Senior High School at ito ay kailangan bayaran sa loob ng 12 taon (kung ang total ng halagang hiniram ay mahigit sa \1,200,000, ito ay kailangang bayaran sa loob ng 15 taon at kung mahigit naman sa halagang \1,850,000 ay sa loobng 18 taon).Ang paraan ng pagbabayad buwan buwan ay sa pamamaraang bank account transfer.

・Maaari rin ang advance payment o cash payment o minsanang pagbabayad.

・Maaring mag-apply para sa humingi ng palugit sa pagbabayad ang nais magpatuloy ng pag-aaral sa kolehiyo ayon sa mga sumusunod na dahilan: nagkaroon ng sakit, nagkaroon ng kalamidad, nawalan ng trabaho, maternity leave o childcare leave at iba pang mga hindi inaasahang pangyayari.

**PATAKARAN O EVALUATION PROCEDURE SA PAGPILI NG MGA ENROLLEE**

# SENIOR HIGH SCHOOL
# PARA SA SCHOOL YEAR 2027

**1. MGA KUWALIPIKASYON**

Alamin ang mga kuwalipikasyon (Mie Senior High School Entrance Requirement for School Year 2027)

**2. URI NG PAGPILI / SELECTION NG MGA ENROLLEE**

① First term Selection (Zenki Senbatsu) : Maaring kumuha ng entrance test kung nanaisin.

(1) Nilalaman (Contents) ng eksaminasyon : Interbyu o (Self Expression), paglikha ng isang maikling salaysay o (Writing Composition), pratical test (2 subjects) mula sa pipiliin subject ng paaralan.

(2) Paraan o kundisyon sa pagpili ng mga maaring pumasa : Maliban sa resulta ng eksaminasyon magiging basehan din ang report card mula sa Junior High School (self recommendation).

(3) Araw ng Pagsusuri: Pebrero 2, 2027 (Martes) at Pebrero 3, (Miyerkoles)

(4) Notice para sa Resulta: Pebrero 12, 2027 (Biyernes)

(Official Announcement: Marso 16,(Martes)

(5) Iba pang impormasyon :

Hindi na maaaring mag aply sa 2nd Term Selection kung pasado ang resulta sa un-official result sa test ng 1st Term Selection.

② Espesyal na Pagpipili (Tokubetsu Senbatsu)

Ito ay para sa mga taong drop outs sa Senior High School o mga nakapagtapos ng Junior High School at na hindi naka pagpatuloy sa Senior High School sa anumang kadahilanan maaaring kumuha ng eksaminasyon.

(1) Nilalaman ng Pagsusuri :

Interview o [Self Expression], at [Essay Writing] na itinalaga ng paaralan.

(2) Paraan ng Pagpili ng mga pasado :

Maliban sa resulta ng pagsusuri, kinakailangan din ang [transcript of record] mula sa Junior High School na pinanggalingan, at [sulat na nakasaad ang dahilan kung bakit gustong pumasok].

(3) Araw ng Pagsusuri : Pebrero 2, 2027 (Martes) at Pebrero 3, (Miyerkoles)

(4) Notice para sa Resulta : Pebrero 12, 2027 (Biyernes)

(Official Announcement: Marso 16, (Martes)

(5) Iba pang impormasyon

- Ang nag-apply sa Special Selection (Tokubetsu Senbatsu) ay hindi na maaaring mag-apply sa 1st term Selection (Zenki Senbatsu).
- Ang mga nakapasa Special Selection ay hindi kailangang mag-apply sa 2nd term Selection (Kouki Senbatsu).

③ 2nd term Selection (Kouki Senbatsu)

(1) Nilalaman ng Pagsusuri:

・Pagsusuri ng talino o kapasidad sa pag-aaral :

Ang full-time course para sa Senior High School ay nagpapatupad ng 5 aralin: Japanese Language, Mathematics, Social Studies, English Language, at Science. Para sa part-time course, may ilang paaralan na nagbabawas ng subject para dito.

・Ang iba pang uri ng pagsusuri maliban sa kapasidad sa pag-aaral: Interview o [Self Expression], Essay Writing at practical test.

(2) Paraan ng pagpili ng mga Pasado:

(1) Maliban sa resulta ng pagsusuri, ibabase ang desisyon sa academic school record ng pinanggalingan Junior High School.

(3) Araw ng Pagsusuri : Marso 9, 2027 (Martes)

(4) Resulta ng eksaminasyon: Marso 16, 2027 (Martes)

(5) Iba pang impormasyon :

Sa papasukan paaralan, kung nais palitan ang kurso at subject na napili, maaring mag-aaply ng isang beses ayon sa itinakdang panahon ng paaralan.

④ Re-application : kung pagkatapos ng 1st at 2nd semester na pagpili at mayroon pang bakante, ang paaralan ay maaaring tumanggap ng ilang aplikante .

(1) Ang nilalaman ng pagsusuri at paraan ng pagpili sa halos lahat ng Senior High School ay parehas ng 2nd semester selection.

(2) Araw ng pagsusuri : Marso 19, 2027 (Biyernes) 23 (Martes)

(3) Resulta ng eksaminasyon : Marso 25, 2027 (Huwebes)

⑤ 2nd Additional Application : Tatangap ang paaralan ng mag-aaral para sa part-time course kung sakaling may bakante pagkatapos ang pagpili sa 1st additional Application.

(1) Ang paraan ng aplikasyon ay katulad din ng ng paraan sa pangalawang pagpili sa halos lahat ng Senior High school .

(2) Araw ng pagsusuri: Marso 29, 2027 (Lunes)

(3) Araw ng Resulta ng mga pasado : Marso 31, 2027 (Miyerkoles)

⑥ SPECIAL SELECTION PARA SA DAYUHANG ENROLLEE

(1) Paaralan may special selection para sa subject o kurso

Alamin sa (Mie Senior High School Entrance Requirements for School Year 2026) .

(2) Bilang ng mga aplikanteng tatanggapin sa special selection

Alamin sa (Mie Senior High School Entrance Requirements for School Year 2026).

(3) Nilalaman ng eksaminasyon:

Alamin sa (Mie Senior High School Entrance Requirements for School Year 2026).

(4) Kundisyon at iba pang kailangan sa pagpili sa mga pumasa

Tignan ang (Guide para sa papasok sa Mie PrefectureSenior Highschool S.Y.2027) para sa no.(1) hanggang n0.(4)

(5) Iba pang impormasyon :

Kailangan magpakita ng katibayan o papeles na nagpapatunay na ikaw ay dayuhan at papeles na magpapatunay na 6 na taon ng nakatira sa Japan kasama ang application form na isa submit.

**3. At iba pa**

・ Para sa mga dayuang gustong mag-aral sa panggabi, Ang paraan ng pag-apply ay depende sa desisyon ng principal ng paaralang nais pasukan, maaring maaring mag-apply sa [2nd semester, Re-application, or Additional requirements Selection], at ang batayan ng pagsusuri ay depende sa interbyu at essay writing.

・ Ang mga impormasyon na nakasulat dito ay maaaring malaman sa [Mie Senior High School Entrance Requirements for School Year 2027].

Ang [ Ang pagpapatupad ng Enrollees Guidelines ng Mie Senior High School para sa School Year 2027] ay ilalathala sa panimula ng Oktubre, 2026.

**SCHEDULE PARA SA PAGPILI / SELECTION NG MGA ENROLLEES (S.Y.2027)**

| Buwan / Araw | Full-time Course<br>Part-time Course | Corresponding<br>Senior High School |
|---|---|---|
| Enero 22(Biyernes) ～ 26(Martes) | First term selection (Zenki Senbatsu)<br>Special Selection (Tokubetsu Senbatsu)<br>Documents for application<br>During the period of registration | Panahon ng pagpasa ng application documents para sa 1st term selection (Zenki Senbatsu) |
| Pebrero 2 (Martes)<br>Pebrero 3 (Miyerkoles) | Eksaminasyon para sa 1st Term Selection (Zenki)<br>Special Selection (Tokubetsu)<br>Depende sa schedule ng Senior High School | Araw ng pagsusuri para sa 1st Term Selection Pebrero 2 (Martes) Pebrero 3 (Miyerkoles) |
| Pebrero 9 (Martes) | Karagdagan pagsusuri para sa 1st term selection at Special Selection (Tokubetsu) | Karagdagang pagsusuri para sa 1st term selection |
| Pebrero 12 (Biyernes) | Pagpapahayag ng resulta ng Eksaminasyon<br>First Term Selection at Special Selection<br>(Zenki Senbatsu at Tokubetsu Senbatsu) | Pagpapahayag ng Resulta ng Eksaminasyon |
| Pebrero 22 (Lunes)<br>～ 24 (Miyerkoles)<br>～ 25 (Huwebes) | Documents for application para sa Registration Period para sa 2nd Term Selection (Kouki)<br>Part-time Course hanggang Pebrero 24 (Miyerkoles)<br>Full-time Course hanggang Pebrero 25 (Huwebes)<br>(Maliban sa Sabado,Linggo at pista opisyal) | (Kouki Senbatsu)<br>Panahon ng pagpasa ng documents application hanggang Pebrero 22(Lunes)～24(Miyerkoles)(Maliban sa Sabado at Linggo at holiday) |
| Marso 2 (Martes)<br>～3 (Miyerkoles)<br>～4 (Huwebes) | Panahon ng pagpasa ng form para sa alteration<br>Part-time Course hanggang Marso 3 (Miyerkoles)<br>Full-time Course hanggang Marso 4 (Huwebes) | Araw ng pagpapalit ng documents ay hanggang Marso 3(Miyerkoles) |
| Marso 9 (Martes) | Araw ng Eksaminasyon para sa 2nd term Selection (Kouki Senbatsu) | Araw ng Eksaminasyon |
| Marso 16 (Martes) | Announcement ng resulta ng eksaminasyon<br>Announcement para sa re-application | Notice ng nakapasa sa Eksaminasyon |
| Marso 17 (Miyerkoles)<br>Marso 18 (Huwebes) | Karagdagan Pagsusuri para sa 2nd Term Selection・Araw ng pagpasa ng documents for application [Re-application Selection] | Schedule sa admission ng documents for application sa 2nd Term Selection exam |
| Marso 19 (Biyernes)<br>Marso 23 (Martes) | Re- Exam<br>Exam para sa Re-application para sa 2nd Term Selection | Schedule sa additional exam sa 2nd Term Selection |
| Marso 25 (Huwebes) | Re-exam para sa [Re-application] para sa 2nd term Selection<br>Pagpapahayag ng Resulta ng Eksaminasyon<br>Announcement para sa Additional Re-application | Araw ng pagpasa ng documents for application para sa Additional Re-application<br>Marso 25 (Huwebes) ～ March 26(Biyernes) |
| Marso 25 (Huwebes)<br>Marso 26 (Biyernes) | Pagpasa ng documents for application para sa Additional Re-application Selection[Part-time (pang-gabing kurso lamang)] | |
| Marso 29 (Lunes) | Araw ng Eksaminasyon<br>[Part-time (pang-gabing kurso lamang)] | Exam para sa re applicaton. |
| Marso 31 (Miyerkoles) | Resulta ng Eksaminasyon para sa Additional re-application [Part-time (pang-gabing kurso lamang)] | Resulta ng exam para sa re-application |

Paalala : Ang Special Selection (Tokubetsu Senbatsu) na nasa itaas ay ipapatupad lamang sa 6 na paaralan ng Senior High School na nasa ibaba.

・Akebono Gakuen Koutou Gakkou (Full-time Course)
・Yokkaichi Kougyou Senior High School (Part-time Course)
・Hokusei Senior High School (Part-time Course)
・Iino Senior High School (Part-time Course)
・Mie Yume Gakuen Koutou Gakkou (Part-time Course
・Ise Manabi Koutou Gakkou (Part-time Course)


Magkaiba ang schedule sa pagtanggap sa documents for application ng karaniwang enrollment at schedule na ginawa online o Web.

## B. Q&A (Tanong at Sagot)

**Mie International Exchange Foundation Edition**

Q1. Ano ang sistema ng edukasyon sa paaralan ng Hapon?

A1. Upang mas madaling maunawaan, tingnan ang table chart sa ibaba. Sa bansang ito, 95% o higit pa ang estudyanteng nagpapatuloy ng pag-aaral sa Senior High School. Ang batang nasa Elementary School at Junior High School ay obligadong papasukin ng magulang sa paaralan.




Q2. Ano ang kabutihang dulot kapag nakapagtapos ng Senior High School?

A2. Maari kang kumuha ng Entrance Examination o Pagsusulit sa Universidad, Junior College At Vocational School. May mga kompanya na ang tanging tinatanggap lamang ay ang mga nakapagtapos ng Senior High School. Kung ikukumpira sa pagka-graduate sa Junior High School, mas makakabubuti kung nakapagtapos ng Senior High School.

Q3. Kahit sino ba ay maaring pumasok sa Senior High School?

A3. Kailangang ang edad ng estudyante ay 15 taon o higit pa. Para sa mga dayuhang mag-aaral na nakatapos ng Junior High School, maari silang magpasa ng aplikasyon para sa pagpasok sa Senior High School. Para din sa mga hindi nakapagtapaos ng high school sa kanilang bansa, depende sa estado ng pag-aaral, maaring silang mag-apply para makapasok. Siyempre, mayroong eksaminasyon kung kayat kailangan alamin at itanong sa guro kung kailan ito, ano ang paksa at mga pamamaraan ng pagpasa ng aplikasyon.

Q4. Anong uri o klase ng Senior High School ang mayroon?

A4. Mayroon apat na uri ng Senior High School. Ang nasa ibaba ay halimbawa ng pangkaraniwan pamantayan. Bawat eskwelahan o paaralan ay mayroong booklets o pamplets. Ito, ang GAKKOU AN-NAI. Basahin mabuti at siyasatin.

( Pangkaraniwan pamantayan halimbawa ng Senior High School )

| | **Arawan o regular** | **Pang-umaga o hapon** | **Panggabi** | **Correspondence *1** |
|---|---|---|---|---|
| Araw ng Pasok at Oras | Araw-araw *2<br>8:30 AM~3:30 PM | Araw-araw *2<br>8:30 AM~4:30 PM<br>maaaring pumili ng leksiyon sa oras na ito | Araw-araw *2<br>5:30 PM~9:30 PM | Dalawang beses sa isang buwan kailangan pumunta. |
| Oras ng Pasok | 50 minutos bawat klase sa anim na oras | 45 minutos bawat klase.<br>Apat na oras sa umaga.<br>Apat na oras sa hapon. | 45 minutos bawat klase sa apat na oras. | Anim na oras para sa schooling. ( Apat na oras sa umaga at dalawang oras sa hapon . ) |
| Bilang na taon sa Pag-aaral | Tatlong taon | Tatlo hanggang apat na taon | Tatlo hanggang apat na taon | Tatlo hanggang apat na taon |
| Mga uri ng kurso *3 | General Course, Technical Course, Business Course, And Other *4 | General Course, Information-Business Course, and Comprehensive Course | General Course, System Engineering Course, and Creative Engineering | General Course |
| At iba pa. (Others) | | | Magbibigay nang pagkain o snacks or Mayroong pagkain o snacks | |
| | Ang paaralang Hapones ay mayroong sariling “Tan-i-sei Koukou ( Sistemang kredito ng Senior High School )”. Mayroong maraming klase o subjects ng Tan-i-sei Koukou. Maari kang pumili ng klase o subjects sa gusto mong oras. At maari ka ring gumawa nang sariling talatakdaan o schedule. | | | |

Ibat-iba ang patakaran ng bawat paaralan kung kayat mas makabuti kung alamin at siyasatin ang mga bagay na ito.

*1: Para sa mga nagtatrabaho at hindi maaring pumunta sa eskwelahan araw-araw. Maliban pagtungo sa eskwelahan bawat mag-aaral ay mayroong assignment o takdang gawain na kailangan gawin o i-ulat at ipadala sa paaralan.

*2: ( Araw-araw )

Araw-araw maliban sa sumusunod na araw;

Sabado, Linggo, Spring vacation, Summer vacation, Winter vacation at maliban din sa iginagawad ng paaralan.

*3: (Elective Course)

Piniling kurso para maging pangunahing kursong pag-aaralan.

*4: Para sa full time course, maraming kurso ang maaring pag-aralan. Bukod sa mga nabanggit sa itaas, mayroon din kurso sa Fisheries, Agriculture, Home Economics, Math & Science, Computer Information, Welfare & Comprehensive Courses at marami pang iba. Bukod dito, may ilang paaralan din na bukod tangi ang kursong pinag-aaralan.

Q5. Anong klaseng uniporme ang ginagamit?

A5. Karamihan sa paaralang hapon ng Senior High School ay may batas o pamamalakad na ang tawag sa wikang hapon ay “KOUSOKU” kung saan kailangan gamitin ang unipormeng itinalaga ng paaralan. Subalit karamihan sa part-time Senior High School pati narin pag-aaral sa pamamagitan ng koreo ( correspondence course ) ay walang unipome. Maari mkabili ng uniporme sa oras na admission. Ito ay nagkakahalaga ng mga \50,000.

Q6. Gastos sa Paaralan. Mga Magkano ang magagastos para sa pag- aaral sa paaralan?

A6. Bukod sa nakatalagang halaga ng tuition fee, may iba pang mga gastusin na kailangang bayaran sa high school (ang tawag dito ay gakko shohi). Nakapaloob sa gastusing ito ang mga materyales, libro, annual fee, PTA fee at iba pa.  Ang halaga ay nagbabago depende sa high school na pinapasukan.  Para sa mga detalye, magtanong sa guro ng paaralan.

Q7. Ano ang scholarship?

A7. Ito ay sistema ng pagpapautang pera para sa pag-aaral ng mga estudyanteng may pinansyal na problema. Sa tanggapan ng Mie Board of Education, maari makahiram ng pera para sa pag-aaral ng walang interes. Pagkatapos maka-graduate, maari itong bayaran ng paunti-unti.  Para sa pampubliko at pribadong paaralan, maaring mamili at hiramin ang mga sumusunod na halaga \8,000, \13,000, \18,000 at \23,000.

Ang aplikasyon para sa scholarship na ito ay maaring ayusin habang nasa 3rd year juniro high school.  Para sa detalye, magtanong sa paaralan.

| **Pangalan ng Educational Fund** | **Pangunahing nilalaman** | **Kakailanganin at kondisyon para sa mga dayuhan.** | **Para sa mga Katanungan** |
|---|---|---|---|
| National Educational Loan | Ang halaga na maaring hiramin ng bawat estudyante ay hindi lalagpas ng \3.5 milyon yen. May limitasyon kung saan gagamitin. Babayaran sa loob ng 20 taon magtanong tungkol sa interest rate sa mga “single mother” “single father”（pamilyang may anak na biktima na traffic accident）“mga pamilya na hindi lalagpas ang taunang income na \2 milyon yen(sahod\1.32 milyon yen)” o “pamilyang may tatlong anak pataas na may taunang sahod na hindi lalagpas sa \5 milyon(sahod \3.56 milyon)”. Panahon ng pagbabayad ay sa loob ng 20 taon, magtanong tungkol sa interest rate | Ang mga dayuhang nakatira sa Japan na nakarehistro sa Basic resident registration law. May income limitation: Maaaring gamitin ang guarantee funds.<br><br>Para sa mga nangangailangan ng interpretasyon, kailangan ito ay mula sa third party. Kailangan ng kasulatan sa kasunduan ito. | (Japan Finance Corporation-Tsu Branch Kokumin Seikatsu Jigyou Koukotsu Shiten 0570 – 057829, Weekdays 9am-5pm<br>O Education Loan Call Center 0570-008656 Weekdays 9am -7pm (bukod sa Sat. /Sun at year end)<br>https//www.jfc.go.jp/ |
| Educational financial Assistance | Maaring hiramin:<br>・Senior High School \35,000 kada buwan<br><br>・Technical college (※) \35,000 kada buwan<br>(※) Sa unang 3 taon, hindi lalagpas ng \35,000 at pagkatapos nito, maari itong maging \60,000.<br>Kinakailangang halaga para sa pag enroll. Hanggang ¥500,000<br>Ang simula ng pagbabayad ay mag-uumpisa anim na buwan pagkatapos na maka-graduate hanggang 10 taon<br>Walang interes. Depende sa katayuan, maaring tumaas ng 1.5 times kada buwan ang maaring hiramin. | May permanenteng bisa o special permanent visa,o permanenteng naninirahan.<br><br>Magpasa ng aplikasyon sa kalapit na welfare commisioner o social welfare council ng isang social worker ang lugar na tinitirhan sisiyasatin ng welfare commissioner ang aplikasyon.<br>May limit sa income.<br>Hindi na kailangan ng Guarantor. | Mie Prefectural Social Welfare Council (Mie-ken shakai-fukushi-kyougikai) Telephone no. 059-226-1118 o ang pinakamalapit na municipal social welfare council sa inyong lugar . |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Welfare Fund para sa mga sa mga single mother o single father at naulila (widow) | 《Pondo para sa Pag-aaral》<br>★Public Senior High School<br>Commuter mula sa:<br>sariling bahay \27,000/buwan.<br>nangungupahan \34,500/buwan<br>★Private Senior High School<br>Commuter mula sa:<br>sariling bahay: \45,000/buwan.<br>Ibang bahay: \52,500/buwan<br>《Pondo inihanda sa Pag-aaral》<br>★Pampublikong Senior High School<br>Commuter mula sa:<br>sariling bahay: hindi lalagpas ng \150,000<br>Ibang bahay: hindi lalagpas ng \160,000<br>★Pribadong Senior High School<br>Commuter mula sa:<br>sariling bahay: hindi lalagpas ng \410,000<br>Ibang bahay: hindi lalagpas ng \420,000<br>Ang simula ng pagbabayad ay mag-uumpisa anim na buwan pagkatapos na maka-graduate hanggang 10 taon.Walang interes. | Nakatira ng mahigit na 6 na buwan sa kasalukuyang tirahan o address.May kakayahan maka kuha ng estado na permanent residence. Mga single mother o single father, biyuda at mga ulila sa magulang ay maaring mag-apply sa Social Welfare Council sa lugar na tinitirhan.<br><br>( Maaaring kailanganin ang guarantor). | Mie Prefectural Family Welfare Facility Maintenance Dept., Family Welfare Group<br>Telephone no.<br>059 – 224 – 2271<br><br>http//www.pref.mie.lg.jp/D1KODOMO/00011781289.htm<br><br>Prefectural Welfare Office or Municipal Welfare Office |
| Child-orphaned-in-a-traffic-accident scholarship society's scholarship | Maaaring pumili mula \20,000 o \30,000 o kaya \40,000 kada buwan.<br>( pareparehong\10,000 na benepisyo)<br>Para sa admission fee, maaaring pumili mula sa halagang \200,000, \400,000, \600,000.<br>Maaaring bayaran sa loob ng 20 taon.<br>Walang interes. | Mga eligible sa Scholarship Mga estudyante sa Senior High school na ang magulang ay namatay sa traffic accident o nabaldo at hindi na makapagtrabaho.<br><br>Mga estudyanteng may Japanese citizenship o permanent resident (mga dayuhang estudyanteng mag aaral ay hindi rin eligible) | Government Foundation Scholarship For Orphan (Caused by Traffic Accident) Scholarship Association Division<br>03 – 3556 – 0773<br><br>Free Dial<br>0120-521286<br><br>http://www.kotsuiji.com |
| Ashinaga Scholarship | \ 30,000 na benepisyo | | Ashinaga Scholarship<br><br>Telephone no.<br>03 – 3221 – 0888<br><br>Free dial:<br>0120-77-8565<br><br>http://www.ashinaga.org |

☆ Maaring bumaba ang halaga kung sakaling tumatanggap ng scholarship mula sa ibang tanggapan.

Q8. Ano ang pagkakaiba ng Junior High School at Senior High School?

A8. ( Sagot ) Malaki ang kaibahan ng Junior at Senior High School. Sa Junior High School ay maaari kang makapasa taon-taon ng walang kabalisahan. Ngunit natural na mag-aral din para makatungtong ng Senior High School. Samantalang ang Senior High School ay kailangan pumasok araw-araw dahil binabase din sa grado ng isang mag-aaral kung kayat kailangan mag-aral ng mabuti. Kaya kung mayroong di-alam ay kailangang magtanong sa guro.

Q9. Anu-ano ang kailangang gawin para makapasok sa Senior High School?

A9. ( Sagot ) Sa mga nais mag-aral ng Senior High School, mangyaring gawin ang mga sumusunod.

1) Mag-aral ng mabuti.
   Mahalaga sa estudyante na mag-aral ng mabuti. Kailangan mag-aral ng mabuti kung gusto mong pumasa sa entrance examination ng Senior High School. Bawat araw ay importanteng mag-aral. Maganda din subukang maglutas ng mga tanong sa entrance examination na ibinigay noong huling taon o noong una pa. Maaaring magtanong sa guro ng iyong paaralan. Bukod diyan ay may ilan o kaunting partido na kung saan ay mayroong tao na magtuturo o magturo sa'yong pag-aaral.
2) Paghingi ng payo sa mga guro ng Junior High School.
   Maaaring magtanong sa iyong guro noong Junior High School at sabihin ang iyong nais na lugar na pag-aaralan.
3) Desisyunan ng mas maaga kung saan paaralan nais mag-aaral. Mas makabubuti kung magdesisyon 6 buwan bago maganap ang entrance examination.
4) Dumalaw sa Senior High School.
   Dumalaw sa Senior High School para magpasiya o pumili nang maaga sa gustong mong paaralan Senior High School. Maraming paaralan ng Senior High School na mayroong dalaw o dumalaw at maglibot sa paaralan ( a school tour ) at saka may Guidance Seminar tungkol sa buhay ng Senior High School at ang bawat paaralan ay maganda kung ang estudyante ay dumalaw at dumalo sa aktibedades na ito. Dumalaw hanggang sa maari.

Q10. Sa Senior High School, ano ang ginagawa sa paaralan bukod sa pag-aaral?

A10. ( Sagot )

Ang mga activities o event na kadalasang dinaraos sa paaralan: Sports Festival, Cultural Events at Field Trip. Ang pagsali sa mga extra curricular activities ng paaralan katulad ng [sports], [music], [arts] club at iba pa ay pangkariwang nang ginagawa ng mga mag-aaral pagkatapos ng klase.